
8

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 4
## Heograpiya sa Pagbuo at Pag-unlad ng mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan 8**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 4: Heograpiya sa Pagbuo at Pag-unlad ng mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark,* palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Mga Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Mga Manunulat:** | Maria Vanessa J. Resullar, Geoffrey A. Retita, |
| **Mga Editor:** | Filipina F. Meehlieb, Lileth F. Oliverio, Alfie S. Lito, Lilifreda P. Almazan, Benny T. Abala, Analiza G. Doloricon, Lalaine S. Gomera, Dan Ralph M. Subla |
| **Mga Tagasuri:** | Marino L. Pamogas, Leowenmar Corvera, Marites P. Alzate, Edwin C. Salazar, Marina Sanguenza, Honorato Mendoza, Edwin Capon, Joel Plaza, Fatima Notarte, Larry G. Morandante |
| **Mga Tagaguhit:** | Brenda F. Duyan, Renata L. Edera |
| **Tagapaglapat:** | Paul Andrew A. Tremedal |
| **Mga Nangasiwa:** | Francis Cesar B. Bringas<br>Isidro M. Biol, Jr.<br>Maripaz F. Magno<br>Josephine Chonie M. Obseñares<br>Karen L. Galanida<br>Florence E. Almaden<br>Carlo P. Tantoy<br>Noemi D. Lim<br>Sammy D. Altres |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ____________________**

**Kagawaran ng Edukasyon – Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center,
J.P. Rosales Avenue, Butuan City, Philippines 8600
Telefax: (085) 342-8207; (085) 342-5969
E-mail Address: caraga@deped.gov.ph

# 8

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 4
## Heograpiya sa Pagbuo at Pag-unlad ng mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Araling Panlipunan 8** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Heograpiya sa Pagbuo at Pag-unlad ng mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang 21$^{st}$ *century skills* habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.




Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Araling Panlipunan 8** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Heograpiya sa Pagbuo at Pag-unlad ng mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig!**

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at *icon* na dapat mong maunawaan.

| | | |
|---|---|---|
|  | ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
|  | ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
|  | ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
|  | ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
|  | ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
|  | ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang iyong mga sagot sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto na makikita sa huling bahagi ng modyul. |

| | |
|---|---|
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyo na panibagong gawain upang pagyamanin ang kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng mga pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mga mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ang pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagdaloy. Maaaring humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino mang kasamahan mo sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, mararanasan mo ang makahulugang pagkatuto at makakukuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Pamantayang Pangnilalaman

Ang mga mag-aaral ay naipamamalas ang pag-unawa sa interaksiyon ng tao sa kaniyang kapaligiran na nagbigay-daan sa pag-usbong ng mga sinaunang kabihasnan na nagkaloob ng mga pamanang humubog sa pamumuhay ng kasalukuyang henerasyon.

## Pamantayan sa Pagganap

Ang mga mag-aaral ay nakabubuo ng panukalang proyektong nagsusulong sa pangangalaga at preserbasyon ng mga pamana ng mga sinaunang kabihasnan sa daigdig para sa kasalukuyan at sa susunod na henerasyon.

# Alamin

Ang modyul na ito ay sadyang inihanda upang matulungan ka na maunawaan ang ugnayan ng heograpiya sa pag-usbong ng mga sinaunang kabihasnan sa Ehipto, India, Mesoamerica, Mesopotamia, at Tsina batay sa pulitikal at ekonomikal na aspeto ng pag-unlad.

Ang kaalaman mo sa mga sinaunang kabihasnan ay mabisang hakbang upang iyong makilala at mapahalagahan ang mga naging ambag ng mga sinaunang kabihasnang ito.

Ang mga paksa na nakapaloob sa modyul na ito ay sistematikong inayos upang maging mas maganda ang daloy ng iyong pag-aaral.

May mga angkop na gawaing inihanda para sa iyo upang maging makabuluhan ang iyong pag-aaral. Kailangan mong gawin o sagutan ang lahat ng mga gawain sa modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot.

Ang modyul na ito ay nakapokus tungkol sa **Heograpiya sa Pagbuo at Pag-unlad ng mga Sinaunang Sibilisasyon** na nahahati sa sumusunod na paksa:

Paksa 1- Heograpiya ng Mesopotamia
Paksa 2- Heograpiya ng Lambak Indus
Paksa 3- Heograpiya ng Huang Ho
Paksa 4- Heograpiya ng Ehipto
Paksa 5- Heograpiya ng Mesoamerica

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto:**

Naiuugnay ang heograpiya sa pagbuo at pag-unlad ng mga sinaunang kabihasnan sa daigdig. **(MELC4)**

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang iyong:

- nasusuri ang kaugnayan ng heograpiya sa pagbuo at pag-unlad ng mga sinaunang sibilisasyon sa daigdig;
- nakapagtatala ng halimbawa na nagpapakita ng kahagahan heograpiya sa aspetong ekonomiya at pulitika na nakaapekto sa pamumuhay ng mga tao;
- nakapagsusulong ng isang adbokasiya sa pamamagitan ng *photo essay* na nagpapakita ng kahalagahan ng mga katangiang pisikal sa paghubog at pag-unlad ng pamumuhay ng mga tao sa kasalukuyan.



## *Subukin*

Basahin ang bawat tanong at isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Alin ang hindi kabilang sa mga pangkat na sumakop sa lupain ng *Mesopotamia*?
   A. *Akkadian* C. *Assyrian*
   B. *Aryan* D. *Chaldean*

2. Ano ang naging sanhi ng pagbagsak ng kabihasnang Mesopotamia?
   A. walang likas na hangganan ang lupaing ito.
   B. hindi nagkakaisa ang mga mamamayan dito.
   C. madalas ang pag-apaw ng Ilog *Tigris* at *Euphrates*.
   D. walang kasanayan ang mga tao sa pakikipagdigma.

3. Anong anyong lupa ang makikita sa hilagang bahagi ng *India*?
   A. Bundok C. Kapatagan
   B. Kabundukan D. Lambak

4. Ano ang kahalagahan ng mga likas na yaman sa pag-unlad ng Kabihasnang *Indus*?
   A. nagsisilbi itong proteksyon sa kanilang lupain.
   B. madali silang makatago tuwing mayroong mga kalaban.
   C. nagiging pundasyon ng pag-unlad ng kanilang ekonomiya.
   D. pinapalakas nito ang kapangyarihan ng kanilang pamahalaan.

5. Alin sa sumusunod na pinakamatandang kabihasnan ang nananatili pa rin hanggang sa kasalukuyan?
   A. Ehipto C. Mesopotamia
   B. Indus D. Tsino

6. Paano binago ng Ilog *Huang Ho* ang buhay ng mga Tsino?
   A. napalago ng ilog ang sistema ng pagsasaka ng mga Tsino.
   B. nagiging mahusay na mandaragat ang mga tao dahil sa pagbaha.
   C. hinubog ng ilog ang kanilang kahusayan sa paggawa ng mga barko.
   D. mas pinili ng mga tao na mamuhay sa kagubatan dahil sa madalas na pagbaha ng ilog.

7. Ano ang makikita sa hilagang bahagi ng lupaing Egypt?
   A. *Himalayas* C. *Mediterranean Sea*
   B. *Libyan Desert* D. *Red Sea*

8. Bakit binansagang "Biyaya ng Ilog *Nile*" ang Egypt?
   A. dahil kung wala ang disyerto ay magiging ilog ang buong Egypt.
   B. dahil ang lupain ng Egypt ay pinaniniwalang tahanan ng mga diyos sa buong daigdig.
   C. dahil kung wala ang ilog na ito, ang buong lupain ng Egypt ay magiging isang disyerto.
   D. dahil ang kabihasnan sa Egypt ang nangunguna at bukod-tanging sibilisasyon sa buong mundo.

9. Alin sa sumusunod ang kinikilalang pinakamatandang kabihasnan sa buong daigdig?

A. Ehipto C. Mesopotamia
B. Indus D. Tsino

10. Ano ang mahalagang dulot ng pagkakatuklas ng mga sinaunang Tsino sa paraan ng pagkontrol ng palagiang pag-apaw ng tubig sa Ilog Huang Ho?

A. nadagdagan ang kanilang kaalaman tungkol sa uri ng mga isda.
B. bawat tahanan sa lipunan ay mayroon ng sapat na suplay ng tubig.
C. napahusay nito ang paggawa ng mga malalaking sasakyang pandagat.
D. nagbigay-daan ang pangyayaring ito upang makapamuhay sa lambak ang mga magsasaka.

11. Saang rehiyon sa Asya matatagpuan ang sinaunang kabihasnan ng Indus?

A. Hilaga C. Silangan
B. Kanluran D. Timog

12. Ano sa palagay mo ang mainam na gawin upang mapanatili ang pakinabang ng Nile Delta sa ekonomiya ng bansang Egypt?

A. magtayo ng mga kompanya upang mapakinabangan ang mga hayop at gawing pagkain.
B. maghanap ng mamumuhunan upang magpatayo ng mga *condominium* o di kaya ay *subdivision*.
C. gagawin ang lugar bilang isa sa mga lugar ng turismo upang matulungang mapalago ang ekonomiya.
D. gagawin ang lugar bilang lugar ng libangan at isagawa ang aktibidad ng pangangaso at camping.

13. Saan nagmumula ang tubig na dumadaloy sa Indus River?

A. *Hindu Kush* C. *Karakuran*
B. Himalayas D. *Khyber Pass*

14. Ano ang ibinunga ng pag-unlad ng lipunan sa pagkakaroon ng mga pagbabago sa aspektong panlipunan, pampolitika, at panrelihiyon sa Mesopotamia?

A. nilisan ng mga tao ang Mesopotamia.
B. nagdulot ito ng sentralisadong kapangyarihan.
C. nagbunga ito ng hindi pagkakaunawaan sa lipunan.
D. humina ang kabihasnan dahil sa pakikipagkalakalan.

15. Ang pagbahang idinudulot ng Nile ay nahinto lamang noong 1970 nang maitayo ang *Aswan High Dam*. Ano ang pinakamahalagang naiambag ng proyektong ito?

A. pinabilis nito ang sistemang komunikasyon at transportasyon.
B. nagiging sentro sa kalakalan ang Egypt lalong-lalo na sa turismo.
C. nakapagbigay ito ng elektrisidad at naisaayos ang suplay ng tubig.
D. tumaas ang suplay ng mga isda dahil nagiging malawak na palaisdaan ang ilog.


# Aralin 1: Heograpiya sa Pagbuo at Pag-unlad ng mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig



## *Balikan*

Sa bahaging ito, ay muling tatandaan ang mga nalalaman sa nakaraang modyul tungkol sa yugto sa pag-unlad ng kultura ng tao.

Isulat ang hinihingi ng bawat bilog sa sagutang papel.



## *Tuklasin*

**Gawain 1: Balik Tanaw**

Gamitin ang sagot sa bahaging **BALIKAN** upang masagutan ang sumusunod na mga katanungan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang kinalaman ng heograpiya sa mga pangyayaring naganap sa iba't ibang yugto sa pag-unlad ng kultura ng tao?
2. Ano ang kaugnayan ng mga pangyayaring naganap sa iba't ibang yugto sa pag-unlad ng kabihasnan?

**Gawain 2: Suri-Awit**

Basahin at unawain ang mga liriko na hango sa awiting "Masdan Mo Ang Kapaligiran." Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Masdan Mo Ang Kapaligiran**
By: Asin

Wala ka bang napapansin sa iyong mga kapaligiran?
Kay dumi na ng hangin, pati na ang mga ilog natin.
Hindi na masama ang pag-unlad
At malayu-layo na rin ang ating narating
Ngunit masdan mo ang tubig sa dagat
Dati'y kulay asul ngayo'y naging itim.

Ang mga duming ating ikinalat sa hangin
Sa langit huwag na nating paabutin
Upang kung tayo'y pumanaw man, sariwang hangin
Sa langit natin matitikman
Mayron lang akong hinihiling
Sa aking pagpanaw sana ay tag-ulan.

Sagutan ang mga gabay na tanong sa ibaba.

1. Ano ang ipinahiwatig ng kanta?
2. Bakit mahalaga ang pangangalaga at pagpapahalaga sa ating kapaligiran?
3. Ano ang magiging epekto sa pamumuhay ng mga tao kung hindi mapapangalagaan ang kapaligiran?
4. Paano mo maipapakita ang pangangalaga at pagpapahalaga sa kapaligiran?

Malaki ang papel na ginampanan ng kapaligiran sa pag-unlad ng pamumuhay ng mga tao. Noon pa man, ang mga tao ay nakadepende sa ibibigay na biyaya ng kapaligiran na panustos sa kanilang pang-araw araw na pangangailangan.

Nagsimula sa pagkakatuklas ng sistema ng pagtatanim na nang lumaon ay lumago at nagsilbing pundasyon sa pagsibol ng sinaunang kabihasnan sa mundo. Kaya sa bahaging ito, pag-aralan mo ang kaugnayan ng heograpiya at ang pagkakataguyod ng mga sinaunang kabihasnan sa mundo.



## *Suriin*

Sa bahaging ito, pag-uusapan at maunawaan ang batayang konsepto tungkol sa sibilisasyon upang tukuyin ang kalinangan ng isang pamayanan. Makabuluhang pag-usapan ang mahalagang papel ng heograpiya sa paglinang ng mga kabihasnan noong sinaunang panahon.

### Kaugnayan ng Heograpiya sa Pagsibol ng mga Sinaunang Sibilisasyon


**Mesopotamia: Sibilisasyon sa Kanlurang Asya**

Galing sa wikang Griyego ang salitang Mesopotamia na ang ibig sabihin ay lupa sa gitna ng dalawang ilog na pinaniniwalaang sentro ng unang sibilisasyon.

Sa buong mundo, kinilala bilang pangunahing sibilisasyon ang Mesopotamia. Magkakaibang grupo ang umangkin at naninirahan dito, ang mga halimbawa ng umagaw sa lupaing ito ay ang lipunang Sumerian, Akkadian, Babylonian, Assyrian, Chaldean, at Elamite. Samu't saring siyudad ang sumibol at naglaho sa Mesopotamia at di naglaon ay napaghalinhan naman ng iba pang mga sibilisasyon.

**Heograpiya ng Mesopotamia**

Ang mga pangunahing siyudad sa mundo ay nag-umpisa sa malapad na lupa na malapit sa mga Ilog Tigris at Euphrates. Ang malawak na lupa na makikita sa gitna ng dalawang ilog ay kilala sa katawagang Mesopotamia. Makikita sa Iraq at ilang proporsyon ng Syria at Turkey ang lugar na ito sa ngayon.




Ang mabalantok na masaganang lupain na nanggagaling sa *Persian Gulf* patungo sa silangang dalampasigan ng Meditterranean Sea ay tinatawag na *Fertile Crescent*.

Dito makikita ang Mesopotamia. Ang karaniwang pagbaha ng Ilog Tigris at Euphrates ay nagbibigay ng banlik o *silt*. Samakatuwid, naging mainam ang lokasyon na nagpapahusay sa pagtatanim. Makikita sa kapatagan ng hilaga ng Mesopotamia ang maraming maliliit na pamayanang sakahan na pinagdugtong-dugtong ng malalayo at mahahabang daang pangkomersyo pagdating ng 5500 BCE.

Gabay na tanong:

1. Bakit pinag-aagawan ang lupaing Mesopotamia?
2. Paano napaunlad ng mga Ilog Tigris at Euphrates ang sibilisasyon sa Mesopotamia?

**Indus: Sibilisasyon sa Timog Asya**

Isang malapad na *peninsula* na pormang tatsulok ang rehiyon ng Timog Asya. Saklaw nito ang lupain ng India, Pakistan, Bangladesh, Afghanistan, Bhutan, Sri Lanka, Nepal, at Maldives sa ngayon.

Ang kalagayang heograpikal at kultural ay naiiba kung ikukumpara sa ibang lugar ng Asya. Dahil ibinukod ito ng mga bundok, kaya masasabing ito ay isang malaking dibisyon na lupain. Sa hilaga ay makikita ang mga dalusdos na kabundukan tulad ng Hindu Kush, Himalayas at Karakuran habang napaliligiran ito ng Arabian Sea sa kanluran, Indian Ocean sa timog, at sa silangan ay Bay of Bengal. Iba't iba ang lengguwaheng mayroon dito, kagaya ng ibang kontinente.

Dumanas pa rin ng mga pag-atake at migrasyon ng taga-labas ang lugar na ito kahit na ito ay ibinukod ng maraming bundok. Umunlad at yumabong ang mga lengguwahe at kaugaliang Indian noong napasok ito ng mga dayuhan na lumusot sa Khyber Pass sa hilagang-kanluran.

## Heograpiya ng Lambak ng Indus




Taong 1920, natuklasan ang bakas ng mga siyudad ng Harappa at Mohenjo-Daro sa lambak ng Indus. Pagdating ng 3000 BCE, halos magkatugma ang pagsibol ng mga pamayanang umunlad sa rehiyong ito sa Sumer. Kung ikukumpara ang Indus sa Ehipto at Mesopotamia, mas malapad ang nasasakupan ng Indus.

Matatagpuan ang malawak na lupain nito na noon ay sakop ng India sa may parteng hilagang-kanluran, at ang kinalalagyan ngayon ng bansang Pakistan. Sa bahaging Ilog Indus, makikita ang pambihirang dami ng mga siyudad at paninirahan dito.

Sa gilid ng Ilog Indus nag-umpisa ang sibilisasyon sa India. Ang tubig na umaagos sa Ilog Indus ay may distansyang 2 900 km (1800 milya). Ito ay nanggaling sa natutunaw na malalaking yelo sa ibabaw ng kabundukang Himalaya at dinaanan nito ang Kashmir hanggang ang kapatagan ng Pakistan. Makabuluhan ang pagkamit ng masaganang lupa sa rehiyong ito na naging dahilan ng pag-umpisa ng mga pamayanan at pamamahala sa sinaunang India kagaya ng kabihasnan sa Mesopotamia. Ang labis na pag-agos ng ilog ay nagdala ng banlik sa lupa at nagpabuti sa halaga ng lupain, taunan itong nagaganap sa kalagitnaan ng buwan ng Hunyo at Setyembre. Pagdating ng 3000 BCE, marami na ang nanahanan sa lambak ng Indus at kadalasan ay mga munting komunidad na may muog at sistematikong daan. Nakapagtayo rin ito ng mga paagusan ng tubig at mga proyekto sa pagkontrol sa pag-apaw ng ilog.

Gabay na tanong:

1. Bakit mahalaga ang nasimulan ng sibilisasyong Indus sa pagpapahalaga nito sa ilog?
2. Ilarawan ang bentahe ng heograpiyang Indus sa heograpiya ng Mesopotamia.

## Tsino: Kabihasnan sa Timog Silangang Asya

Kinilala ang sibilisasyong Tsino sa buong mundo na pinakamatanda at nagpatuloy pa rin hanggang ngayon. Tinatayang nagsimula ito apat na milenyo na ang nakaraan.

Hinahangad na ng mga Tsino sa mga nakalipas na panahon ang pagiging magaling sa pangangasiwa. Lalo pang pinalakas ang sibilisasyong Tsino dahil sa pagyakap ng pamahalaan sa ideolohiyang Confucianism at Taoism. Nalasap ng China ang pagkakasundo at paghihiwalay dahilan ng politikal na antas. Bunga ng mga kaganapang ito ang kultura at lipunan ng rehiyon ay nalinang hanggang sa ngayon.

**Heograpiya ng Huang Ho**




Ang sibilisasyon sa China ay nagsimula sa gilid ng Yellow River o Huang Ho. Ang kahabaan ng ilog na ito ay tinatayang 3 000 milya na nanggaling sa kabundukan ng kanlurang China. Umaagos ito hanggang sa Yellow Sea. Naging bunga nito ang North China Plain, kung saan sa paglipas ng ilang taon, maraming beses na nagpaiba-iba ang binabagtasan ng ilog hanggang sa nakalikha ito ng isang malapad na kapatagan.

Nag-iwan ng banlik ang pagbaha ng Huang Ho at naging suliranin din ang labis na pag-apaw dahil sa ang North China Plain ay isang kapatagan. Pinaniniwalaan na sa kapanahunan ng pamamahala ni Yu ay nakaisip ito ng sistema upang makontrol ang labis na pag-apaw ng Huang Ho. Hatid ng kaganapang ito ang paninirahan ng mga magsasaka sa lambak.

Gabay na tanong:

1. Ano-ano ang mga suliraning dulot ng pagbaha ng Huang Ho?
2. Paano nakaapekto ang Huang Ho sa pagbuo at pag-unlad ng sibilisasyong Tsino?


**Kabihasnang Ehipto**

Sa parteng hilagang-silangan ng Africa ay makikita ang lambak ng Ilog Nile sa Ehipto na naging lunduyan ng sibilisasyon. Sinasabing mas matibay ang sibilisasyong sumibol sa Ehipto kung ikukumpara sa Mesopotamia na mas unang nag- umpisa. Pagdating ng 3100 BCE, ang sinaunang Ehipto ay naging ganap na estado at nagpatuloy sa loob ng tatlong milenyo.

Paiba-iba ang paliwanag ng mga dalubhasa sa sibilisasyong Ehipto hinggil sa simulain nito, resulta ng mga pagpapatunay na natagpuan ng mga arkeologo sa lupain ng Ehipto. Isinasaad ng mga katibayang ito na bago pa man nag-umpisa ang sibilisasyon sa Lambak ng Nile ay may nauna ng mga pamayanan sa Ehipto. Sa katimugang bahagi ng Kanlurang Ehipto ay natagpuan ang mga ebidensyang arkeolohikal na isang tahanan ng mga sinaunang tao.

Bago pa dumating ang 8000 BCE ay pinaniniwalaang mayroon ng namumuhay dito. Naging pananaw na posibleng nanggaling ang sibilisasyong Ehipto sa Lambak ng Nile sa mga kaangkan o ninuno ng lipunang ito.

## Heograpiya ng Ehipto




Upang maintindihan ang heograpiya ng sinaunang Ehipto, laging isipin na ang sinasabing *Lower Egypt* ay ang parteng norte ng rehiyon at dito umaagos ang Ilog Nile hanggang sa Mediterranean Sea. Habang ang *Upper Egypt* naman ay matatagpuan sa timog na bahagi mula sa Libyan Desert patungong Abu Simbel. Nanggaling sa katimugan hanggang hilaga ang pag-agos ng Ilog Nile na may kahabaang 6 694 kilometro (4 160 milya).

Ang rehiyon ay lubos na sanang maging disyerto kung wala ang ilog na ito, kaya dati pa man tinagurian na bilang *The Gift of the Nile* ang Ehipto. Pinagbuklod ng ilog na ito ang parteng hilagang-silangan ng disyerto ng Africa. Noon pa man, sa pagsapit ng buwan ng Hunyo ay labis ang pagdaloy ng tubig sa ilog dahil sa sobrang ulan sa dakong pinanggalingan ng Nile. Noong 1970, natigil ang pag-apaw ng Nile nang dahil sa ipinagawang Aswan High Dam para makapagsuplay ng kuryente at mapahusay ang sistema ng patubig

Ang taon-taon na pagbaha ng Nile ay nagkaloob ng biyaya sa mga magsasaka sa lambak-ilog noong panahong Neolitiko. Naghatid ng banlik sa lupa ang pag-apaw na nagpabuti sa pagsasaka. Kapag humupa na ang baha ay agarang isinagawa ang pagtatanim. Sa bukana ng Nile ay dahan-dahang kinokolekta ang mga putik na galing sa ilog at ito ay naging latian, tinagurian itong delta. Ang mga ibon at hayop ay nananahanan dito. Ang mga tubig naman rito ay kinasangkapan para sa bukirin.

Sa layuning mapalago ang dami ng kanilang pananim bawat taon, nagtayo ng mga sisidlan ng tubig at gumawa ng mga daang patubigan para sa kanilang sakahan. Napagtanto sa mga planong ito ang bilang ng puwersa ng manggagawa, kasapatang teknolohiya, at mahusay na mga pamamaraan. Napagtagumpayan din ang pagkalkula ng pag-apaw sa panahong ito.

Ang pakinabang ng Nile ay hindi lamang sa mga bukirin, nakatulong at napahusay din nito ang aspetong transportasyon. Naidugtong nito ang mga naninirahan sa tabing ilog. Naging proteksiyon naman ng Ehipto ang mga disyertong makikita sa silangan at kanlurang parte ng ilog dahil naging balakid ang kalagayang heograpikal nito para sa mga mananakop. Bunga nito ay naging matiwasay at maunlad ang paninirahan ng mga tao sa matagal na panahon.

Gabay na tanong:

1. Bakit naging sagabal sa mga nagtangkang sumakop sa Ehipto ang kalagayang heograpikal nito?
   Paano nakatulong ang ilog sa sistemang transportasyon?

**Ang Kabihasnan sa Mesoamerica**

Libong taon na ang nakalipas, kumbinsido ang mga dalubhasa sa mga sibilisasyon na may migrasyong naganap ng mga grupo mangangaso o *hunter* sa Asya papuntang Hilagang America. Ang kanlurang dalampasigan ng Hilagang Amerika papuntang habagatan ay dahan-dahang binagtas ng grupo, at nakapagtayo ng hiwa-hiwalay na paninirahan sa malaking lupain ng Hilagang Amerika at Timog Amerika.

Pagdating ng ika-13 siglo BCE, ang mga Olmec na nasa Mexico ngayon ay ang pangunahing sibilisasyon na lumitaw. Ang ibang pamayanan sa ibang dako ng Amerika ay nabahagian ng mga pamamaraan ng mga Olmec.

**Heograpiya ng Mesoamerica**





Ang pangalang Mesoamerica o Central America ay galing sa salitang meso na ang ibig sabihin ay gitna. Naging sentro ito ng mga unang sumibol na sibilisasyon sa Amerika. Matatagpuan ang lupaing ito sa pagitan ng Sinaloa River Valley sa sentro ng Mexico at Gulf of Fonseca sa katimugan ng El Salvador. Ang ilog ng Panuco at Santiago ay makikita sa hilagang dulo nito.

Matatagpuan naman ang katimugang dulo mula sa dalampasigan ng Honduras sa Atlantic patungo sa tagaytay o *slope* ng Nicaragua sa Costa River. Saklaw ngayon ng rehiyong ito ang mga malawak na proporsyon ng bansang Mexico, Guatemala, Belize, El Salvador, at kanlurang parte ng Honduras.

Sa rehiyong ito, ang sobrang agwat sa taas ng lupa at palagiang pag-ulan ay nagbibigay ng mga klase ng klima at ekolohiya sa ibang lugar ng rehiyon. Ang panahon sa lugar na ito ay paiba-iba. Kagaya ng kanlurang Asya at China, sumibol ang unang pamayanan sa lugar na ito na naging lunduyan ng pagsasaka. Sa ngayon, tumaas ang dami ng mga tao sa lugar na ito.

Gabay na tanong:

1. Ano ang kaugnayan ng heograpiya sa migrasyon ng mga grupo ng mga tao na naglakbay patungong Amerika?
2. Gamit ang mapa, ano ang mahihinuha mong pangunahing hanapbuhay ng mga tao sa Mesoamerica?



## *Pagyamanin*


**Gawain: Kumpletuhin Mo!**

Itala ang hinihinging impormasyon sa talahanayan sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Sinaunang Kabihasnang Pandaigdig | Heograpiya | Kaugnayan ng Heograpiya sa Pagkabuo at Pag-unlad |
|---|---|---|
| 1. Mesopotamia | | |
| 2. Indus | | |
| 3. Tsino | | |
| 4. Ehipto | | |
| 5. Mesoamerica | | |

**Gawain: *Venn Diagram***

Pumili ng dalawang sinaunang kabihasnang iyong lubos na naintindihan. Paghambingin ito batay sa kanilang heograpikal na kalagayan. Gamit ang venn diagram, ibigay ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga ito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.






## *Isaisip*

**Gawain: I-Raphalagahan Mo!**

Sumulat ng dalawa o tatlong saknong na *rap* tungkol kahalagahan ng heograpiya sa pagbuo at pag-unlad ng isang kabihasnan. Isulat ito sa sagutang papel.


**Rubric sa Pagmamarka ng Liriko sa Rap**

| Pamantayan | Napakahusay (20 puntos) | Mahusay (15 puntos) | Katamtaman (10 puntos) | Kailangan pang pagbutihin (5 puntos) | Puntos |
|---|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Naglalaman ng komprehensibo, tumpak at may kalidad na impormasyon tungkol sa kahalagahan ng heograpiya sa pagbuo at pag-unlad ng isang kabihasnan | Naglalaman ng tumpak at may kalidad na impormasyon tungkol sa kahalagahan ng heograpiya sa pagbuo at pag-unlad ng isang kabihasnan | Naglalaman ng tumpak na impormasyon tungkol sa kahalagahan ng heograpiya sa pagbuo at pag-unlad ng isang kabihasnan | Mayroong kulang na impormasyon tungkol sa kahalagahan ng heograpiya sa pagbuo at pag-unlad ng isang kabihasnan | |
| Mensahe | May malinaw at malawak na mensahe tungkol sa kahalagahan ng heograpiya sa pagbuo at pag-unlad ng isang kabihasnan | May malinaw na mensahe tungkol sa kahalagahan ng heograpiya sa pagbuo at pag-unlad ng isang kabihasnan | Limitado ang mensahe tungkol sa kahalagahan ng heograpiya sa pagbuo at pag-unlad ng isang kabihasnan | Malabo at limitado ang mensahe tungkol sa kahalagahan ng heograpiya sa pagbuo at pag-unlad ng isang kabihasnan | |
| | | | | **Kabuuang Puntos** | |



## *Isagawa*

Bilang isang mag-aaral, magtala kung paano nakatutulong ang kalagayang heograpikal sa antas ng politika at ekonomiya. Isulat ang mga ito sa sagutang papel.






## *Tayahin*

Basahin ang bawat tanong at isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod na pinakamatandang kabihasnan ang nananatili pa rin hanggang sa kasalukuyan?
   A. Ehipto    C. Mesopotamia
   B. Indus    D. Tsino

2. Ano ang mahalagang epekto ng pagkakatuklas ng mga sinaunang Tsino sa paraan ng pagkontrol ng palagiang pag-apaw ng tubig sa Huang Ho?
   A. nadagdagan ang kanilang kaalaman tungkol sa uri ng mga isda
   B. bawat tahanan sa lipunan ay mayroon ng sapat na suplay ng tubig
   C. napahusay nito ang paggawa ng mga malalaking sasakyang pandagat
   D. nagbigay-daan ang pangyayari upang makapamuhay sa lambak ang mga magsasaka

3. Ang pagbahang idinudulot ng Nile ay nahinto lamang noong 1970 nang maitayo ang Aswan High Dam. Ano ang pinakamahalagang naiambag ng proyektong ito?
   A. pinabilis nito ang sistemang komunikasyon at transportasyon
   B. nagiging sentro sa kalakalan ang Ehipto lalong-lalo na sa turismo
   C. nakapagbigay ito ng elektrisidad at naisaayos ang suplay ng tubig
   D. tumaas ang suplay ng mga isda dahil nagiging malawak na palaisdaan ang ilog

4. Alin sa sumusunod ang kinikilalang pinakamatandang kabihasnan sa buong daigdig?
   A. Ehipto
   B. Indus
   C. Mesopotamia
   D. Tsino

5. Ano ang naging bunga ng pag-unlad ng lipunan sa pagkakaroon ng mga pagbabago sa aspektong panlipunan, pampulitika, at panrelihiyon sa Mesopotamia?
   A. nilisan ng mga tao ang Mesopotamia
   B. nagdulot ito ng sentralisadong kapangyarihan
   C. nagbunga ito ng hindi pagkakaunawaan sa lipunan
   D. humina ang kabihasnan dahil sa pakikipagkalakalan

6. Ano ang kahalagahan ng mga likas na yaman sa pag-unlad ng Kabihasnang Indus?
   A. nagsisilbi itong proteksyon sa kanilang lupain
   B. madali silang makatago tuwing mayroong mga kalaban
   C. nagiging pundasyon ng pag-unlad ng kanilang ekonomiya
   D. pinapalakas nito ang kapangyarihan ng kanilang pamahalaan

7. Saan nagmumula ang tubig na dumadaloy sa Ilog Indus?
   A. Hindu Kush
   B. Himalayas
   C. Karakuran
   D. Khyber Pass

8. Anong anyong lupa ang makikita sa hilagang bahagi ng India?
   A. Bundok
   B. Kabundukan
   C. Kapatagan
   D. Lambak

9. Bakit binansagang "Biyaya ng Ilog Nile" ang Ehipto?
   A. kung wala ang disyerto ay magiging ilog ang buong Ehipto
   B. ang nangunguna at bukod-tanging sibilisasyon sa buong mundo
   C. kung wala ang ilog, ang buong lupain ng Ehipto ay magiging isang disyerto
   D. ang lupain ng Ehipto ay pinaniniwalang tahanan ng mga diyos sa buong daigdig

10. Ano sa palagay mo ang mainam na gawin upang mapanatili ang pakinabang ng Nile Delta sa ekonomiya ng bansang Ehipto?
   A. magtayo ng mga kompanya upang mapakinabangan ang mga hayop at gawing pagkain
   B. maghanap ng mamumuhunan upang magpatayo ng mga condominium o di kaya ay subdivision
   C. gagawin ang lugar bilang isa sa mga lugar ng turismo upang matulungang mapalago ang ekonomiya
   D. gagawin ang lugar bilang lugar ng libangan at isagawa ang aktibidad ng pangangaso at camping

11. Ano ang naging sanhi ng pagbagsak ng kabihasnang Mesopotamia?
    A. walang likas na hangganan ang lupaing ito.
    B. hindi nagkakaisa ang mga mamamayan dito
    C. madalas ang pag-apaw ng Ilog Tigris at Euphrates
    D. walang kasanayan ang mga tao sa pakikipagdigma

12. Ano ang makikita sa hilagang bahagi ng lupaing Ehipto?
    A. Himalayas
    B. Libyan Desert
    C. Mediterranean Sea
    D. Red Sea

13. Saang rehiyon sa Asya matatagpuan ang sinaunang kabihasnan ng Indus?
    A. Hilaga
    B. Kanluran
    C. Silangan
    D. Timog

14. Paano binago ng Huang Ho ang buhay ng mga Tsino?
    A. napalago ng ilog ang sistema ng pagsasaka ng mga Tsino
    B. naging mahusay na mandaragat ang mga tao dahil sa pagbaha
    C. hinubog ng ilog ang kanilang kahusayan sa paggawa ng mga barko
    D. mas pinili ng mga tao na mamuhay sa kagubatan dahil sa madalas na pagbaha ng ilog

15. Alin sa sumusunod ang hindi kabilang sa mga pangkat na sumakop sa lupain ng Mesopotamia?
    A. Akkadian
    B. Aryan
    C. Assyrian
    D. Chaldean

## *Karagdagang Gawain*

Sumulat ng isang adbokasiya sa pamamagitan ng paggawa ng photo essay na nagpapahayag ng pagpapahalaga at pangangalaga sa kapaligiran at pag-unlad ng pamumuhay ng mga tao.

**Rubric sa Pagmamarka ng Photo Essay**

| Pamantayan | Katangi-tangi (20 puntos) | Mahusay (15 puntos) | Nalilinang (10 puntos) | Nagsisimula (5 puntos) | Puntos |
|---|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Naglalaman ng komprehensibo, tumpak at may kalidad na paglalahad ng Impormasyon | Naglalaman ng tumpak at may kalidad na paglalahad ng impormasyon | Naglalaman ng tumpak na paglalahad ng impormasyon | Hindi sapat ang ipinakitang kasanayan sa tamang paglalahad ng impormasyon | |
| Organisasyon | Detalyado, maayos, at madaling maunawaan ang daloy ng mga kaisipan batay sa impormasyong inilahad | Maayos at madaling maunawaan ang daloy ng mga kaisipan batay sa impormasyong inilahad | Maayos ang daloy ng mga kaisipan batay sa impormasyong inilahad | Hindi maayos ang daloy ng mga kaisipan batay sa impormasyong inilahad | |
| | | | | **Kabuuang Puntos** | |




# Susi sa Pagwawasto

| Tayahin | | |
|---|---|---|
| 1. D | 6. C | 11. A |
| 2. D | 7. B | 12. C |
| 3. C | 8. B | 13. D |
| 4. C | 9. C | 14. A |
| 5. B | 10. C | 15. B |

| Subukin | | |
|---|---|---|
| 1. B | 6. A | 11. D |
| 2. A | 7. C | 12. C |
| 3. B | 8. C | 13. B |
| 4. C | 9. C | 14. B |
| 5. D | 10. D | 15. C |

Balikan




**Tuklasin**

**Gawain 1: Balik Tanaw**

1. Ang pisikal na katangian ng daigdig ay nakaaapekto ng malaki sa kilos at gawain ng tao. Sinasaklaw ng heograpiya ang pag-unawa at pagbibigay-paliwanag kung paanong ang kapaligiran ay nakatutulong sa paghubog ng kabihasnan at sa mga paraan ng pamumuhay ng mga tao sa isang lugar.
2. Ang yugto ng ng pag-unlad ng kultura ay nahahati sa dalawang panahong: Panahon ng Bato at Panahon ng Metal. Ang mga sinaunang tao ay mga nomadiko ngunit nang natutunan nila ang pagtatanim sila ay unti-unting nakabuo ng pamayanan. Natuto din sila ng ibang mga gawain tulad ng paggawa ng palayok, paghahabi o kaya ay pagsulat na naging hudyat upang magkaroon ng mataas na antas ng kultura hanggang sa kalaunan ay nabuo ang sibilisasyon.

**Heograpiya ng Egypt**
**Gabay na Tanong:**

1. Ang disyertong makikita sa silangan at kanluran ng Ilog Nile ay naging proteksiyon ng Egypt laban sa mga mananakop.
2. Ang Ilog Nile ay nakatulong na mapahusay ang aspetong transportasyon ng sibilisasyon dahil naidugtong nito ang mga naninirahan sa tabing ilog.

**Heograpiya ng Huang Ho**
**Gabay na Tanong:**

1. Ilan sa mga suliraning dulot ng pagbaha ng Ilog Huang Ho ay pagkawasak ng mga pananim at ari-arian, at pagkasawi ng buhay ng tao.
2. Ang Huang Ho ay nakatulong sa pagbuo at pag-unlad ng Sibilisasyong Tsino dahil ang ilog ang nag-iiwan ng banlik na naging daan upang maging mataba ang lupa sa pagtatanim.

**Heograpiya ng Lambak ng Indus**
**Gabay na Tanong:**

1. Ang Ilog Indus ay mahalaga sapagkat sa tuwing labis ang pag-agos ng ilog ito ay nagdadala ng banlik sa lupa at nagpabuti sa halaga ng lupain na maging angkop sa pagtatanim.
2. Ang heograpiya ng sibilasyong Indus ay higit na may bentahe kaysa sa Mesopotamia dahil ang Ilog Indus na taunang umaapaw ay nagdadala ng banlik na nagpapataba sa lupa. Maliban dito nakapagpatayo rin ng mga paagusan ng tubig at mga proyekto sa pagkontrol sa pag-apaw ng ilog.

**Heograpiya ng Mesopotamina**
**Gabay na Tanong:**

1. Ang lupain ng Mesopotamia ay pinag-aagawan dahil sa masaganang lupain nito angkop sa pagtatanim.
2. Ang karaniwang pagbaha ng ilog Tigris at Euphrates ay nag-iiwan ng banlik o silt na nagpapataba sa lupa kaya naging mainam ito sa pagsasaka na siyang dahilan upang umunlad ang sibilisasyong Mesopotamia.

**Tuklasin**
**Gawain 2: Suri-Awit**


1. Ano ang ipinahiwatig ng kanta?
   Ang kanta ay tungkol sa maduming kapaligiran dahil sa kapabayaan ng tao.

2. Bakit mahalaga ang pangangalaga at pagpapahalaga sa ating kapaligiran?
   Mahalagang pangalagaan at pahalagaan ang kapaligiran dahil tayo ay umaasa sa biyayang ibinibigay nito para sa ating pang-araw-araw na pangangailangan.

3. Ano ang magiging epekto sa pamumuhay ng mga tao kung hindi mapapangalagaan ang kapaligiran?
   Kapag hindi napangalagaan ang kapaligiran, ito ay magdudulot ng suliranin sa atin tulad ng pagkakaroon ng polusyon, pagbaha at iba pa.

4. Paano mo maipapakita ang pangangalaga at pagpapahalaga sa kapaligiran?
   Bilang estudyante, maipapakita ko ang pangangalaga at pagpapahalaga sa kapaligiran sa pamamagitan ng mga simpleng gawain tulad ng tamang paghiwa-hiwalay ng basura, pagtatanim at pangangalaga ng punong kahoy, at marami pang iba.

**Gawain: Venn Diagram**




**Gawain: Kumpletuhin Mo!**

| Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig | Heograpiya | Kaugnayan ng Heograpiya sa Pagbuo at Pag-unlad |
|---|---|---|
| 1. Mesopotamia | lambak-ilog ng Tigris at Euphrates | Ang mag ilog na ito ay nakatulong upang maging angkop ang lupa sa pagsasaka na siyang pangunahing pamumuhay ng ng mga tao. Ang mga ilog na ito ay naging mahalaga sa aspetong transportasyon. Pinag-ugnay nito ang mga karatig lugar. |
| 2. Indus | lambak-ilog ng Indus | |
| 3. Tsino | lambak-ilog ng Huang Ho | |
| 4. Egyptian | lambak-ilog ng Nile | |
| Mesoamerica | lambak-ilog ng Sinaloa | |

**Heograpiya ng Mesoamerica**
**Gabay na Tanong:**

1. Sinasabing ang kontinente ng Asya at America ay magkaugnay. Ang Bering Strait sa pagitan ng Asya at North America ay dating isang tuyong lupain na nagsisilbing tulay sa dalawang kontinente na naging daanan ng mga mangangaso mula Asya papuntang North America. Ngunit dahil sa naganap na Ice Age, ang tulay na lupa ay natakpan ng glacier hanggang ito ay nawala.
2. Batay sa mapa, ang pangunahin hanapbuhay ng mga tao sa Mesoamerica ay pagsasaka.

**Karagdagang Gawain**

Ang ilog ay may malaking ambag sa kasaysayan. Ito ang naging lunduyan ng kabihasnan noon tulad ng Ilog Tigris-Euphrates sa Mesopotamia, Ilog Indus ng India, Ilog Huang Ho ng China at Ilog Nile ng Egypt. Ang mga ilog na ito ay naging biyaya sa mga sinaunang tao sapagkat naging mataba ang lupa sa mga lambak na dinadaluyan nito. Naging hudyat ito upang maging angkop ang lugar sa pagsasaka na nakatulong upang umunlad ang kabihasnan.

Sa kasalukuyan, matatagpuan ang mga komunidad malapit sa mga ilog tulad na lamang sa makikitang mga larawan sa itaas. Maliban sa naging sandigan ng agrikultura, ang mga ilog ay may mahalagang papel sa transportasyon at komersiyo. Ang mga ilog na ito ay naging tulay ng mga magkakaratig-lugar na naging daan upang mapabilis ang palitan ng produkto. Ang pamayanang nakapalibot sa mga ilog ay unti-unting lumaki at lumawak tulad ng mga pamayanan sa kasalukuyan.

**Isagawa**

Politika
May mga bansa na naging maunlad dahil pinag-aralan nila ang paggamit ng mga yamang-likas ng kanilang teritoryo o kaya'y tumuklas at gumamit ng mga yamang-likas ng ibang lupain upang manguna sa kalakalan at mga gawaing pampulitika sa buong daigdig tulad ng US, South Korea, Singapore, at iba pa.

Impluwensiya ng Heograpiya

Ekonomiya
Ang Pilipinasa ay nasa isang estratehikong posisyon sa pagitan ng Pacifc at kabuuang ng Asya. Ito ay malapit sa dalawang pinakamalaking pamilihan sa rehiyon, ang China at Japan. Ang ating bansa ay nagbibigay ng mahahalagang ruta sa karagatan para sa kalakalan at komersyo.

**Gawain: I-Raphalagahan Mo!**

**Biyaya**
Ni: Maria Vanessa J. Resullar

Lambak-ilog
Lunduyan ng sibilisasyon
Ilog Tigris-Euphrates, Huang Ho, Indus, Nile
Biyaya sa mga kabihasnan noon.

Banlik na naiiwan
Pataba sa lupang sakahan
Simula ng lipunang agrikultural
Lumaon ay nakipagkalakal
Transportasyon sa ilog
Naging tulay sa mga karatig lugar.

Ilog na biyaya
Pinahalagahan ng mga ninuno
Sibilisasyon ay pinagpala
Narating rurok ng kapangyarihan.

## *Sanggunian*

Blando, Rosemarie C., Michael M. Mercado, Mark Alvin M. Cruz, Angelo C. Espiritu, Edna L. De Jesus, Asher H. Pasco, Rowel S. Padernal, Yorina C. Manalo, Kalenna Lorene S. Asis. 2014*. Kasaysayan ng Daigdig: Araling Panlipunan 8 – Modyul ng mag-aaral.* Pasig City, Philippines: Vibal Group Inc. and Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS).

Mateo, Grace Estela C., Rosita D. Tadena, Mary Dorothy dl. Jose, Celinia E. Balonso, Celestina P. Boncan, John N. Ponsaran and Jerome A. Ong. 2012. *Kasaysayan ng Daigdig*: Batayang aklat sa Araling Panlipunan Ikatlong Taon. Quezon City, Philippines: Vibal Publishing House, Inc.

Vivar, Teofista L., Nieva J. Discipulo, Priscilla H. Rille, Zenaida M. de Leon. 2000. *Kasaysayan ng Daigdig*: Batayang Aklat sa Ikatlong Taon. Metro Manila, Philippines: Sd Publications, Inc.

Philippines. Department of Education. (1995). *Ang Mga Unang Kabihasnan – Modyul 3.* Pasig City: Bureau of Secondary Education Project EASE.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph